

IBAANG NATURAL!

Ang Pilipinas ay biniyayaan ng likas na yaman at nanggailangan lamang ng wastong paggamit at pagkalinga mula sa mga taong nakikinabang mula dito.

Muli nating yakapin at balikan ang nakagisnan na nating mga natural na pamamaraan sa pagsasaka kasama na rito ang paggamit ng mga natural na pataba.

Kung hindi man agad nating maramdaman ang epekto ng muling pagbalik sa natural na pagsasaka, nakakasiguro naman tayong ang susunod na salin-lahi ang magtatamasa ng mga kapakinabangan nito.

Mag Likas Pagsasaka na tayo!

Mas Matipid,


Epektibo at Ligtas

Para sa mga karagdagang kaalaman tungkol dito, maaring sumangguni sa pinakamalapit na Opisina ng Pambayang Agrikultor o sa inyong mga Agricultural Technicians o kaya ay sa Opisina ng Panlalawigang Agrikultor.

Reprinted by:
AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
Diliman, Quezon City

MGA NATURAL NA PATABA

**Agricultural Training
Institute-Region IV A
UPLB, College, Laguna**



“Sa Likas na Pagsasaka, Lahat ng May Buhay ay Mahalaga”

Telefax: (049) 536-5600

NATURAL NA PATABA

Anu-ano ang kagandahan ng paggamit ng natural na pataba?

- Mapapakinabangan ang mga patapon na o basura sa bukid na karaniwan at marami sa lugar;
- Di gagamit ng kemikal dahil galing sa mga binulok o binuro na dahon, katawan o bunga ng halaman at dumi ng hayop;
- May pangmatagalang benepisyong idinudulot sa lupa dahil di umaasim ito at lalo pang nagiging mataba dahil nadadagdagan ng iba pang sustansya di lamang nutrihen, posporo at potassium;
- Mas ligtas gamitin.

Anu-ano ang mga dapat isaalang-alang sa paggawa ng mga natural na pataba?

- Ang karaniwan at marami sa lugar;
- Ang halaga nito kung ipagbibili at gagamitin sa ibang paraan;
- Ang natural na konsentrasyon ng sustansyang taglay kung gagamiting pataba.

Gaano naman ang sustansyang nakukuha sa mga basura na sa bukid, mga dahon ng legumbre at iba pang organikong bagay?

N - Nutreheho P - Posporo K- Potassium

	N	P	K
Sanga ng tabako	3.70	0.65	4.50
Katawan ng kamatis	0.35	0.10	0.50
Dayami ng palay	0.58	0.10	1.38
Dayami ng mais	0.59	0.31	1.31
Ugat ng mani	1.18	0.07	1.28
Sanga ng cowpea	1.07	1.14	2.54
Bagasu ng tubo	0.35	0.04	0.50
Abo ng balat ng saging	-	3.25	41.76
Katawan ng saging	-	2.34	49.40
Dahon ng Ipil-ipil	4.29	0.19	1.37
Dahon ng kakawate	1.81	1.80	21.85
Dahon ng quiapo	2.04	0.37	3.40
Azolla	3.68	0.20	0.15
Lumot/algae	2.47	0.10	0.37
Suwag kabayo/crotolaria	5.30	-	-
Katuray/sesbania	2.51	-	-
Dahon ng acacia	2.96	0.13	0.88
Inihaw na buto ng hayop	-	34.70	-
Balat ng itlog	-	0.43	0.29
Balahibo	-	15.30	-
Molasses	0.70	-	4.50

Gaano ang sustansyang nakukuha sa dumi ng mga hayop?

	N	P	K
Dumi ng baka	1.5	1.00	.94
Dumi ng kalabaw	1.09	0.82	0.70
Dumi ng kabayo	1.59	1.65	0.65
Dumi ng tupa	2.02	1.75	1.94
Dumi ng baboy	2.81	1.61	1.52
Dumi ng rabbit	2.40	1.40	0.60
Dumi ng manok	4.00	1.98	2.32
Dumi ng itik	2.15	1.13	1.15

Datos mula sa IRRI (International Rice Research Institute sa Los Banos, Laguna)

Anu-ano ang uri ng kompost na magsisilbing natural na pataba ng halaman?

- Regular kompost na gawa sa pinagsama-samang dumi ng hayop at nabubulok na bagay sa sakahan;
- Ganap at aktibong kompost tulad ng tinatawag na IMO (Indigenous Microorganisms), FAA (Fish Amino Acid), FFJ (Fermented Fruit Juice), FPJ (Fermented Plant Juice) at iba pa;
- Vermi cast na galing sa dumi ng bulate;
- Vermi kompost na pagkain ng bulate na inabot na nang pagkabulok bago nila kinain.

Hango sa Likasaka Manwal na akda ni G. Dante S. Delima at Teresa G. Perez-Saniano